
## PAGIGING HANDA SA PUNO AT PAGIGING KWALIPIKADO

Kapag handa ka nang kunin ang puno, pakisumite ang Tree Interest Form, na available online, ***https://www.ourcityforest.org/free-trees***.

Ang pagiging kwalipikado para sa kasalukuyang pagkakaloob ng pondo ng OCF nakabatay sa lokasyon. Makakatulong ang kanilang pangkat ng kawani na kumpirmahin ang iyong pagiging kwalipikado batay sa lokasyon mo para sa mga libreng serbisyo.

### KARAPAT-DAPAT KA BA PARA SA ISANG LIBRENG PUNO?




Ang mga residente na nabibilang sa mga asul na zone sa mapa sa itaas ay karapat-dapat para sa isang libreng puno!

## LOKASYON NG NURSERY, MGA ORAS, AT CONTACT

1000 Spring Street, San Jose, 95110
Huwebes-Sabado, 9am-12pm

Email: *trees@ourcityforest.org*
*www.ourcityforest.org*
(408) 256-0546

O I-SCAN AKO

## KAILANGAN NG HIGIT PANG IMPORMASYON?

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Our City Forest at sa East Side Trees program, bisitahin ang ***www.ourcityforest.org***, o tawagan ang Our City Forest sa **(408) 256-0546**, o mag-email sa ***trees@ourcityforest.org***.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa VTA's Eastridge to BART Regional Connector Project, bisitahin ang ***www.vta.org/eastridgetobart***, o tawagan ang VTA Community Outreach sa **(408) 321-7575/TTY (408) 321-2330** o mag-email sa ***community.outreach@vta.org.***

CALIFORNIA VOLUNTEERS Office of the Governor · AmeriCorps California · California Climate Investments – Cap and Trade Dollars at Work · Our City Forest · Caltrans · SB1 Rebuilding California · 2000 Measure A

OUR CITY FOREST

Eastridge to BART Regional Connector Project

*Tagalog*

# EAST SIDE TREES PROGRAM

*Paginhawain ang inyong komunidad sa pamamagitan ng pagtatanim ng mga punong-kahoy*



Santa Clara Valley Transportation Authority




## East Side Trees Program

Ang East Side Trees Program ay isang kooperasyon sa pagitan ng proyektong Santa Clara Valley Transportation Authority (VTA) Eastridge to BART Regional Connecter (EBRC) at ng Our City Forest (OCF).

Layunin at tunguhin namin na magtanim ng hanggang 249 na punong-kahoy sa mga bakuran at mga pampublikong lugar na matatagpuan na malapit,hangga't maaari sa proyekto, at hanggang sa layong dalawang milya mula sa proyekto.  Ito ay upang palitan ang mga tinanggal na puno para sa konstruksyon ng light rail sa Capitol Avenue at Capitol Expressway. Kailangan namin ng mga matitirahan para sa bawat isang puno!




**Kung kayo ay nasa nalililimang lugar, na ipinakita sa ibaba, maaaring kwalipikado ka para sa isang libreng puno!** Ang programang ito ay available sa mga residente, negosyo, paaralan, parke, at iba pang pribado at pampublikong mga lugar na matatagpuan sa Silangang San Jose. Available ang mga punong-kahoy sa Setyembre 2027, o hanggang sa maubos ang supply.





## Impormasyon sa East Side Trees Program


Magbibigay ang East Side Trees Program ng mga punong-kahoy na nasa 15-galon na paso. Ang gastos para sa mga punong ito ay pinopondohan ng proyekto ng EBRC ng VTA. Ang OCF ang nangangasiwa sa pagbili, pamamahagi, at tatlong taon ng pag-aalaga, pagdidilig, at pagsusuri sa kalusugan ng mga puno, pati na rin sa pagbibigay ng edukasyon kung paano ito aalagaan.

## Tamang Punong-kahoy, Tamang Lugar

Ang mga kawani ng OCF, mga arborista, at mga boluntaryo ay mga eksperto na handang tumulong sa iyo na pumili ng tamang punong itatanim sa tamang lokasyon. Nagbibigay din sila ng dagdag na serbisyo upang matutunan mo kung paano aalagaan ang iyong puno upang ito'y lumago at mamuhay nang matagal.

Ang OCF Community Nursery & Training Center ay tahanan ng libu-libong katutubo at di-katutubong punong-kahoy, palumpong, at damo. Kung ikaw ay kwalipikado para sa libreng puno, tutulungan ka ng kanilang mga kawani na pumili ng pinakamainam na puno para sa iyong espasyo. Nag-aalok sila ng mga workshop tungkol sa pagtatanim at pag-aalaga upang suportahan ang paglago ng iyong bagong tanim na punong-kahoy. Kung nais mong magtanim ng punong-kalye (street tree), tutulungan ka rin ng OCF na kumuha ng permit mula sa lungsod.





## Mga Pakinabang ng mga Punong-kahoy sa Aming Komunidad

Kaaya-ayang pagmasdan ang mga punong-kahoy. Nagbibigay sila ng lilim, nililinis ang hangin, at ang pagmamasid sa kanilang pagbabago sa bawat panahon ay maaaring maging isang mahiwagang karanasan. Bukod dito, ang mga puno ay may dalang benepisyo para sa kalusugan ng publiko, lipunan, kapaligiran, at ekonomiya. Narito ang ilang halimbawa:

- **Malinis na Hangin:** Ang mga punong-kahoy ay gumagawa ng oksiheno, nagpapababa ng polusyon sa hangin (smog), at nagpapabuti sa kalusugan ng paghinga ng isang komunidad.
- **Pagtitipid sa Enerhiya**: Ang puno ay likas na air conditioner—ang lilim nito ay makatutulong upang mapababa ang temperatura lalo na kapag mainit ang araw, kaya't lumalamig ang mga tahanan at mga panlabas na lugar.
- **Nagpapataas ng Halaga ng Ari-arian**: Ang mga bahay na may mga puno ay mas malamang na may mas mataas na halaga ng ari-arian.
- **Nagpapababa ng Krimen**: Ang urban landscaping, kabilang na ang mga punong-kahoy, ay nakakatulong sa pagbaba ng krimen.
- **Pagsasala ng tubig at pagpapanatili**: Ang mga punong-kahoy ay sumasagap at nagpapabagal ng pag-ulan, habang ang kanilang mga ugat ay nagsasala ng tubig at tumutulong sa muling pag-recharge ng reserbang tubig sa lupar (aquifer). Nakakatulong din ang mga puno na mabawasan ang pag-agos ng tubig-ulan, kaya nababawasan ang pagbaha.
- **Tirahan ng Buhay-Ilang**: Naglalaan ang mga puno ng mahalagang tirahan para sa maraming uri ng ibon, insekto, at hayop.
- **Pagtatatag ng Komunidad at Pagbabawas ng Stress**: Ang pagkakaroon ng access sa mga puno, maberdeng espasyo at mga parke ay nagtataguyod ng maraming pisikal na aktibidad, at nagpapababa ng stress, habang pinapabuti ang kalidad ng buhay sa aying mga komunidad.

Kung ikaw ay nangungupahan, makikipagtulungan ang OCF sa may-ari ng property sa ngalan mo!